# LIMITADONG ACCOUNT NG PROGRAMANG FOOD STAMP PABALAT NG PALIWANAG

## MAHALAGANG MALAMAN

### ANG LIMITADONG ACCOUNT AY:

Account sa isang bangko, credit union, atbp. kung saan maaaring magpanatili ng pera ang isang pamilyang tumatanggap ng food stamps upang gugulin para sa mga sumusunod lamang na pinapahintulutang gastusin:

- Pagbili ng bahay na titirahan;
- Pagsisimula ng negosyo; o
- Edukasyon o pagsasanay sa trabaho para sa may-ari ng account at ng kanyang (mga) dependent. (Ang mga dependent ay yaon o maaaring i-claim bilang mga dependent sa mga pederal na buwis sa kita ng may-ari ng account.)

Bago magbukas ng limitadong account, maaaring gusto mong maglaan ng pera at ng ibang mga mapagkukunan (tulad ng mga bank account, stocks, mga lupain, atbp.) na hindi lalampas sa limit ng iyong mapagkukunan para magamit mo. Narito kung bakit:

**Kung gagamit ka ng alinman sa mga pondo sa iyong (mga) limitadong account upang magbayad para sa mga emergency, kahit na ang emergency ay sanhi ng isang sitwasyon na pagkamatay o banta sa buhay, madadagdag ang pagwi-withdraw sa limit ng mapagkukunan na $2,000 o $3,000 (kung mayroon kahit isang tao sa sambahayan na may kapansanan o may edad na 60 o mas matanda).**

### MGA TUNTUNIN PARA LIMITADONG ACCOUNT:

- Dapat nakatatanggap ka ng mga benepisyo ng food stamp sa panahon na nai-set up mo ang account.
- Pinapahintulutan ang higit sa isang limitadong account.
- Walang limit sa pinakamalaking halaga ng savings sa isang limitadong account.
- Hindi nababawas ang mga pondo sa lahat ng limitadong account sa limit ng mapagkukunan ng iyong pamilya.
- Dapat kang lumagda sa isang Kasunduan sa Limitadong Account **bago** maituring na Limitadong Account ang isang account.
- Maaari mo lamang gugulin ang mga pondo na nasa pinapahintulutang gastos.
- Dapat mong **hiwalay** na itago ang mga pondo, at anumang kinitang interest sa (mga) limitadong account mula sa alinmang ibang account.
- Dapat na mai-deposito nang direkta ang kinitang interest sa (mga) Limitadong Account sa (mga) account.
- Dapat mong kumpeltuhin ang isang Kasunduan sa Limitadong Account para sa bawat Limitadong Account.
- Kung mayroon kang limitadong account at natanggal sa mga benepisyo ng food stamp, maaaring ibawas ang mga pondo sa iyong ari-arian at mga mapagkukunan kung muling kang mag-apply para sa mga benepisyo.

## PAG-UULAT NG MGA WITHDRAWAL

- **Mga Sambahayan na Nag-uulat Nang Quarterly**
  - Pag-withdraw ng mga pondo sa panahon ng quarter, ay hindi kinakailangang iulat hanggang sa susunod na ulat ng buwis sa kita na dapat nang ibigay.
  - Muling tatayahin ng lalawigan ang iyong mga mapagkukunan sa pagtanggap ng quarterly na ulat at magpapasya kung ang withdrawal ay para sa pinapahintulutang gastos. Kung mababa ang iyong mga mapagkukunan sa limit na ($2,000/$3,000), mananatili kang eligible para sa mga benepisyo kung iba sa inaasahan na eligible.

- **Mga Sambahayan na Nag-uulat Ng Pagbabago**
  - Dapat na iulat ang withdrawal na ginawa mula sa iyong Limitadong Account sa loob ng 10 araw ng petsa na na-withdraw ang mga pondo.
  - Titingnan ng lalawigan ang limit ng mapagkukunan sa loob ng 10 araw ng ulat.
  - Ang dahilan ng iyong pagwi-withdraw ay magpapasya sa pagpapatuloy ng pagiging-eligible.
  - Kung mababa ang iyong mga mapagkukunan sa limit na ($2,000/$3,000), mananatili kang eligible para sa mga benepisyo kung iba sa inaasahan na eligible.

## GASTUSIN

- **Pagbili ng Isang Bahay Na Titirahan:**

  Maaari mong gugulin ang mga pondo ng Limitadong Accont sa:

  - Mga deposito, bayad, paunang bayad, bayad sa puhunan
  - Mga halaga ng pagsasara
  - Mga pagkukumpuni at pagkakakabit

  Hindi mo maaaring gugulin ang mga pondo ng Limitadong Accont sa:

  - Mga pagbili ng muwebles
  - Mga kasangkapan sa bahay

- **Edukasyon O Pagsasanay Sa Trabaho Para Sa (Mga) May-ari Ng Account At Ng Kanyang (Mga) Dependent:**

  Maaari mong gugulin ang mga pondo ng Limitadong Accont sa:

  - Mga bayad, matrikula, libro, mga kailangan sa paaralan, kagamitan, mga espesyal na kinakailangang pananamit
  - Pabahay at mga pagkain ng estudyante
  - Halaga ng transportasyon papunta at mula sa paaralan/bokasyonal na pag-aaral
  - Mga serbisyo sa pangangalaga ng bata na kinakailangan upang pumasok sa paaralan

**GASTUSIN IPINAGPATULOY:**

- **Pasisimula Ng Bagong Negosyo:**

  Maaari mong gugulin ang mga pondo ng Limitadong Accont sa:

  - Pagbili, pagkumpuni, at pagmimintina ng kagamitan ng negosyo
  - Mga kasangkapan, uniporme, ibang mapagprotekta o kinakailangang pananamit, at mga sapatos
  - Bayad sa utang sa puhunan at interest para sa mga ari-arian ng negosyo at matitibay na kalakal
  - Mga bayad sa upa at utilidad para sa espasyo ng opisina o palapag
  - Mga suweldo ng empleyado
  - Mga halaga ng imbentaryo, shipping, at pagpapadala
  - Mga bayad, buwis, insurance, bookkeeping o ibang mga propesyonal na serbisyo

  Hindi mo maaaring gugulin ang mga pondo ng Limitadong Accont sa:

  - Personal na gastusin, tulad ng libangan

## PATUNAY

Dapat kang magbigay ng patunay sa lalawigan kapag nagse-set up ng Limitadong Account at pagwi-withdraw ng mga pondo mula sa (mga) Limitadong Account.

- **Kabilang Sa Ilang Mga Halimbawa ng Patunay Sa Pagtataguyod At/O Pagwi-withdraw Ng Mga Pondo Ang Sumusunod:**
  - Passbook, bank statement o resibo mula sa isang bangko, credit union atbp. na ipinapakita ang pangalan at address ng bangko at ang mga pangalan ng (mga) account, account number(s), at
  - Lahat ng balanse ng account at aktibidad magmula sa petsa na nilagdaan mo ang Kasunduan sa Limitadong Account

- **Kabilang Ang Ilang Mga Halimbawa Ng Patunay Upang Ipakita Kung Papano Mo Ginugugol Ang Mga Pondo:**
  - Nakanselang tseke
  - Nalagdaang pahayag mula sa tagapaglaan ng kalakal o mga serbisyo na ipinapakita ang uri at halaga ng binayarang (mga) gastos
  - Isang resibo
  - Bank statement ng bangko ng Limitadong Account